ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 3 • Blg. 11 Hulyo 23-29, 2018 • P10.00

**Mail Permit No. 2C-17-05-533**
Entered as 1st Class
Office of Entry: Bacoor City, Cavite

WANTED
TEACHER
Maliksi, Bacoor, Cavite
JUST CALL OR TEXT:
09171195117

## 'BAHAY NG MGA ADIK' ITATAYO SA CAVITE

pahina 2



p.8

## ANNE CURTIS, KABIBILIBAN

## HS STUDENT, NAWALA SA 'KATINUAN' DAHIL SA SERMON NG AMA

p. 4

## PIA-SSS PARTNERSHIP LAUNCHED IN CALABARZON

p. 11

## CONTINUOUSLY PROMOTING SUSTAINABLE PIG FARMING IN CAVITE

pahina 5

## PECA KAAGAPAY ANG ONE MERALCO FOUNDATION INC. HANEP SA PAGSUPORTA SA MGA KABATAAN

p. 6

## PRESSCON FOR CAVITE MEDIA FOR 'CALL FOR PROPOSALS' ON ARTS AND CULTURE HELD

p.9

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136 / 0929-8127638

# 'BAHAY NG MGA ADIK' ITATAYO SA CAVITE

**TUMATAGINTING na 1.850 Billion Yen o P846 milyon ang halaga ng isang rehabilitation center na itatayo para sa mga drug dependent sa Trece Martires City, Cavite.**

Ayon kay Department of Health (DOH)-CALABARZON (Cavite Laguna Batangas Rizal Quezon) Regional Director Eduardo Janairo, ang itatayong bahay ng mga drug dependent ay pinondohan ng Japan International Cooperation Agency (JICA) para sa DOH sa isang 5 hektaryang lupa sa Barangay Osorio, Trece Martires City.

Layon ng nasabing rehabilitation center sa itatayong 25 gusali at magkakasya ang 500 pasyenteng babae at lalaki upang doon ililipat ang mga biktima ng droga na gustong mabago ang kanilang buhay.

Sinabi pa ni Janairo na magiging maaayos ang kalagayan ng mga drug dependent mula sa CALABARZON dahil gagamitan ng holistic approach ang gamutan bukod pa sa maluwag ang lugar at may magandang tanawin at mga punong kahoy sa kapaligiran.

Ang lupang pagtatayuan ng rehabilitation center ay idinonate ng Local Government ng Cavite Province at pag-aari ng isang pribado na binili ng Provincial Government ng TMC kung saan 3 hektarya dito ay ilalaan sa Treatment and Rehabilitation Center habang 2 hektarya ay ilalaan para sa Mental Health.

Matatapos ang konstruksiyon ng naturang rehabilitation center sa taong 2020. **GENE ADSUARA**

# Cavite reports 24 leptospirosis cases with 4 deaths

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite** – Cavite province has recorded a total of 24 leptospirosis with four deaths in the past seven months this year, the Cavite Provincial Health Office (PHO) reported Wednesday.

PHO Epidemiology and Surveillance Unit (PEISU), headed by Dr. Nelson C. Soriano, said that the 24 cases of leptospirosis were detected in January with two cases; February - 5; April - 2; June – 12; and July – 3.

Leptospirosis cases were discovered in the cities of Cavite, Bacoor, Dasmariùas, Imus, General Trias and Trece Martires and the towns of Ternate, Tanza, Silang and Naic, the PEIU report showed.

The four death tolls during the period January to July were mostly male patients with ages 26, 33, 45 and 49.

Two of those who died are from Cavite City, one in Tanza town, and another in Dasmariùas City, PEIU report showed.

Leptospirosis is caused by Leptospirae virus that is transmitted through open wounds when the floodwaters contaminated with rodents' urine enter the body system it said.

Infected persons sometimes experience no symptoms at all, or mistake the symptoms to headache, fever, vomiting and redness of the eyes or other diseases.

If left untreated early on, the disease may cause kidney failure and damage other organs

PHO advised local health officials in Cavite's seven cities and 16 municipalities that in order to prevent more incidence of leptospirosis cases in the province they have to provide those who got stuck in floodwaters with preventive medicine. ***(Gladys Pino/PNA)***

# KALIBRE



**ROMY SANTOS**
**0977-7844136**

## Sa halip na gagaling, lulubha pa ang sakit

ISA sa mga pangunahing misyon ni Pangulong Rodrigo Duterte sa panahon ng kanyang administrasyon ay ang maibigay sa mga Pinoy ang maayos na health-care system.

Bahagi ito ng kanyang pahayag sa katatapos na 85th Annual National Convention of the Philippine Public Health Association na isinagawa sa Davao City.

Ibinida ni Duterte na tuloy sa trabaho ang kanyang gobyerno upang ang minimithing libreng serbisyong pangkalusugan ay maipagkaloob sa bansa.

Ibubuhos ng pangulo ang pondo para sa health care services dahil ang kanyang katwiran ay taumbayan naman ang makikinabang nito.

Mayroon namang mga libreng serbisyong medikal o konsultasiyon sa ilang pampublikong pagamutan.

Ang katanungan nga lamang ay naibibigay ba naman nang wasto o karapat-dapat?

May mga naririnig kasi tayo o sumbong na sa halip na gagaling ang pasyente ay mas lumulubha pa.

Bakit? Kasi raw po ay iyon bang tipong parang pinag-aaralan lamang ang pasyente.

Pababalik-balikin na halimbawa ay kailangan ng sumailalim sa operasyon subalit tumatagal nang tumatagal.

Sa halip na malunasan ang karamdaman ay mas nagiging grabe pa.

Iyon lang pabalik-balik ay gumagastos na sa pamasahe ang pasyente dagdag pa ang pagkain dahil halos isang araw sa out patient department ng isang ospital.

Makakaranas pa ang pasyente ng mga bastos o aroganteng kawani ng ospital at pati mga security personnel.

Sana po ay isa rin ang problemang ito sa pagukulan ng pansin ng ating mahal na pangulo.

Pasyalan po ninyo mga sir at mam ang ilang public hospital.

# DOT, ISST, SEARCA hold Global Farm Tourism Summit in Tagaytay

**TAGAYTAY CITY, Cavite (PIA)** – The Department of Tourism (DOT) in coordination with the International School of Sustainable Tourism (ISST), and Southeast Asian Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture (SEARCA) hold the first-ever Global Farm Tourism (GFT) Summit at the Summit Ridge Hotel here.

According to Tourism Secretary Bernadette Romulo-Puyat, the three-day summit, which opened Tuesday is expected to reiterate the directions of Republic Act 10816 or the Farm Tourism Development Act of 2016.

Highlight of the said summit include lecture-discussions and panel sessions on farming-tourism fusion, climate-resilient farming, women empowerment in farm tourism, and millennial farming.

"A lot of the millennials are actually running the farm tourism now. They're marrying the technology and all the knowledge in Internet and digital marketing to push their farms, it's exciting" with regard to the enthusiasm and innovativeness of millennials in using digital technology in their farming techniques, said ISST President Dr. Mina Gabor.

SEARCA Director Dr. Gil C. Saguiguit, Jr. expressed optimism that "Farm tourism opens up possibilities for diversification of income for small-scale farmers while promoting good farming practices, sustainable agriculture systems, and community involvement."

Participants of the summit include officers of local government units, farm owners and farmers, and international delegates from Vietnam, Thailand and New Zealand who earlier confirmed their attendance.

The Global Farm Tourism Summit is anchored on the theme: "Managing Climate Risks through Sustainable Farm Tourism" which aims to improve developed plans and practices to cope with climate change. ***(Ruel Francisco, PIA-Cavite/with reports from Joyce Anna Rocamora)***



KABILANG si DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo Janairo (nakasuot ng DOH vest), mga local goverment officials ng Cavite at JICA sa nanguna sa groundbreaking ceremony para sa itatayong gusali ng Consolidated Rehabilitation of Illegal Drug Users sa Brgy. Osorio, Trece Martires City, Cavite. **(GENE ADSUARA)**

# Ugnayan sa pagitan ng PhilHealth at Accredited Health Care Institution, mas pinaigting

UPANG mas lalong mapabuti ang ugnayan ng PhilHealth at mga kapartner na Health Care Institutions (HCIs), gumawa ng hakbang ang PhilHealth upang malaman ng HCI ang updated na status ng kanilang claim.

Sa pamamagitan ng Reconciliation Summary Module (RSM), mas mapapabilis ang reconciliation ng record at ugnayan sa pagitan ng PhilHealth at akredited na pribado at pampublikong HCIs.

Sa pamamagitan ng Reconciliation Summary Module (RSM) na makikita sa HCI Portal ng mga ospital ay mas detalyadong mamomonitor ng mga ito ang kanilang claim status.

Maaaring ma-access ng active user ng HCI Portal ang RSM samantalang ang mga wala pang account ay maaaring magsumite ng kumpletong PhilHealth Online Access Form at Non Disclosure Agreement sa pinakamalapit na opisina ng PhilHealth.

Ang mga nasabing forms ay maaaring i-download sa www.philhealth.gov.ph. Makikita din sa HCI Portal ang gabay sa paggamit nito.

Kung sakaling mayroong discrepancies sa status report, maaaring makipag-ugnayan sa pinakamalapit na opisina ng PhilHealth upang maaayos ito. jpc




**VOLUNTEERING TO HELP THE COMMUNITY:** Fueled with the burning passion to reach out to the less privileged and give back to the people what they deserve as members of the community, Cavite Governor Boying Remulla once again paved way for a medical and dental mission conducted in Dasmariñas City, this time at Barangay Luzviminda I covered court. Around 352 residents have availed free medical and dental healthcare services on July 16, 2018 rendered by doctors, nurses and other employees from the provincial government. Barangay Captain Benjamin Marcha Jr. also received few medicines for their health center and thanked everyone for the success of the outreach event. - **(PICAD)**

# KAKAMPI MO ANG BATAS



Atty. Batas Mauricio

## Ang Bibliya sa seguridad ni Trillanes

**INSPIRASYON SA BUHAY:** "… Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, galing mismo sa Kanyang hininga…" (2 Timoteo 3:16, Ang Tanging Daan Bibliya).

-ooo-

**ANG BIBLIYA SA SEGURIDAD NI TRILLANES:** Sa totoo lang, hindi dapat nagkakagulo ang mga taga-suporta ni Sen. Antonio Trillanes IV matapos alisin ng Philippine National Police (PNP) ang ilan sa mga pulis na dati niyang mga bodyguards. Kung tutuusin, wala namang mga pulis na makakapigil, kahit gaano pa sila kadami, sa sinumang may determinasyong manakit o pumatay ng kapwa.

Ang dapat lapitan ni Trillanes, at ng kanyang mga kapanalig, ay ang Diyos. Tanging ang Diyos ang makakapagbigay ng seguridad at proteksiyon sa mga tao. Ang anumang pangyayari sa buhay nating lahat ay magaganap kung pahihintulutan ng Diyos na maganap, at hindi magaganap kung wala Siyang pahintulot na ito ay maganap.

Dahil diyan, ipinapanukala ko kay Trillanes na matuto dapat siyang lumapit ng totohanan sa Diyos, at hingin ang Kanyang pagpapala, paggabay, at proteksiyon sa lahat ng sandali. Ang problema lang, siyempre, ay kung hindi alam ni Trillanes ang paraan ng totohanang paglapit sa Diyos.

-ooo-

**PAPAANO BA MAKAKALAPIT ANG ISANG TAO SA DIYOS?** So, papaano ba ang totohanang paglapit ninuman sa Diyos? Marami ang magsasabi na kailangan lang ng tao na manalangin, okay na! Pero ito ay di makatotohanan, at labag pa sa itinuturo ng Bibliya, partikular sa mga kautusan ni Jesus, ang ating Diyos at Tagapagligtas, sa Mateo 7:21.

Batay sa Mateo 7:21, sinabi ni Jesus na hindi lahat ng nananalangin at tumatawag ng "Diyos ko, Diyos ko" ay papasukin sa langit, o pakikinggan ang kanyang mga panalangin. May kondisyong itinakda si Jesus, upang ang isang tao ay makakapasok sa langit, at ang kanyang mga panalangin ay pakikinggan.

Ano ang kondisyong ito ni Jesus? Kailangan ng taong nananalangin na tumupad muna sa kalooban ng Diyos Ama na nasa langit. Ibig sabihin, ang pagtugon ng Diyos sa panalangin ng isang tao ay di nakasalalay sa nasabing panalangin, kundi sa pagtupad nito sa kalooban ng Diyos Ama. So, ang tanong: ano ba ang kalooban ng Amang nasa langit?

-ooo-

**KALOOBAN NG DIYOS, MAKIKITA SA BIBLIYA:** Sa mga naniniwala sa Diyos, tiyak kong nauunawan nila na ang kalooban ng Amang nasa langit ay makikita sa Bibliya, na Kanyang Salita. Dahil diyan, kailangan palang magbasa ng Bibliya ang isang tao na may panalangin sa Diyos, at pagkatapos ay sundin ng buong katapatan ang kanyang mga nababasa.

May pruweba ba na ang Bibliya ang Salita ng Diyos? Sa "Mga Batayang Aral" ng Simbahang Anak ng Diyos Kadugo Ni Kristo, ang Simbahang itinatag ng Diyos sa Pilipinas upang ganapin ang Kanyang gawain sa huling kapanahunan, maliwanag na ang Bibliya ang Salita ng Diyos batay mismo sa mga sarili nitong bersikulo.

Una, sinasabi mismo ng Bibliya, sa mga bersikulo nito, na ito ang Salita na mula sa Diyos. Ang halimbawa ng mga bersikulong ito ay ang 2 Timoteo 3:16, Roma 1:16, at Hebreo 4:12. Pangalawa, maraming mga propesiya ukol sa Diyos na nakasulat sa Bibliya ang naganap na, noon pa mang panahon ng mga unang mananampalataya, at maging sa panahon ngayon. Lahat ng ito ay pagpapatotoo na Bibliya nga ang Salita ng Diyos, na dapat basahin at sundin.

-ooo-

**PARA SA MGA TANONG, REAKSIYON:** Kung mayroon pong gustong magtanong saakin sa mga bagay na tinalakay dito o sa ibang isyu, o magsangguni ngkanilang mga problema, anuman ang problemang iyon, tawag po kayo sa09778059058, o mag-email sa batasmauricio@yahoo.com o mag-post sawww.facebook.com/atty-batas. Promise, sasagot po agad ako. Salamat saDiyos sa Ngalan Ni Jesus, Amen!

# SALUYOT

FLORENDO CACACTIN



## Dapat na nga bang magretiro?

USAPANG boksing muna tayo dahil sariwa pa ang natamong tagumpay ng ating Pambansang Kamao.

Bumuhos ang mga papuri sa lahat ng panig ng mundo sa tagumpay ni Senator Manny Pacquiao laban kay Argentine knockout artist Lucas Matthysse.

Sa pangyayari ay umakyat sa ikalimang puwesto sa Top 50 list ng Pound for Pound boxers itong si Pacman.

Sa pagkakaangat ni Manny ay dahilan naman ng pagkakalaglag sa sixth place ng Japanese boxer na si Naoya Inoue.

Muling sumigla ang super elite ng senador kung inyong natatandaan ng pagkakasungkit nito ng WBO strap kontra Jessie Vargas noong 2016.

Tumamlay si Manny sa nasabing talaan pagkatapos ng kontrobersyal na pagkatalo kay Australian boxer Jeff Horn.

Nakadagdag pa na hindi naging aktibo sa boksing ang boksingerong mambabatas sa loob ng halos isang taon.

Ngayong mabango muli ang pangalan ni Pacman ay marami na ang nagpaparamdam para sa next fight.

Ang number sa Pound for Pound boxer lists na si Ukrainian champion Vasyl Lomachenko ang sinasabing makakasagupa ni Pambansang Kamao.

Wala pa namang kumpirmasyon ito sa isinagawang press conference sa General Santos.

Hindi lamang mga tagahanga ang sumalubong sa Pinoy ring icon kundi ang malakas na pagbuhos ng ulan.

Kaya naman hindi natuloy ang ilan sa orihinal na plano kagaya ng paggawad ng military honor at ang pagsakay sa float para sa motorcade.

Maliban lamang sa pahayag ng ating World Boxing Association (WBA) welterweight champion na dagsa na ang nagpaparamdam upang siya ay kalbanin.

Wala pa raw negosasyon subalit posibleng sa kalagitnaan ng susunod na buwan ay baka mayroong development na.

Sa prescon pa rin ay sinabi ni Pacman na dalawa o hanggang tatlong pag-akyat na lamang sa ibabaw ng ring ang kanyang gagawin.

Ibig sabihin ay two o three fights pa ang kakasahan niya bago ganap na magretiro.

Ngayon po kayong mga fans ni Manny, dapat pa bang sumagupa ang inyong idolo o tama na ang kanyang katatapos na tagumpay?

At kung nais pa ninyo lumaban si Pacman, sino ang inyong nais niyang makabakbakan?

# EDITORYAL

## Alagaan ang sarili



**ILANG bagyo pa ang darating kaya nangangahulugan na marami pang pag-uulan ang mararanasan.**

**Sa patuloy o malalakas na buhos ng ulan ay inaasahan naman ang pagbabaha sa iba't ibang bahagi ng bansa.**

**Sari-saring sakit ang nakaambang tuwing panahon ng tag-ulan.**

**Ang higit na nakakatakot ay ang sakit na nakukuha sa baha sa pamamagitan ng humahalong ihi ng daga.**

**Maging maingat po at alagaan ang ating sarili na huwag hayaang mamayani ang leptospirosis.**


ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm



HANEP Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS** *Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES** *Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA** *Advertising Manager*

**MARLON BAGUS** *Associate Editor*

**ATTY. MELANIO 'BATAS" MAURICIO**
**ATTY. EUGENIO S. TUMULAK**
*Legal Counsel*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa 049 San Antonio 1, Noveleta, Cavite
Contact Nos. 0915-1328753/ 0999-3050106
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**



PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

*Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.* papi

# HS STUDENT, NAWALA SA 'KATINUAN' DAHIL SA SERMON NG AMA

**BACOOR City, Cavite - Arestado ang isang 19-anyos na high school student na dahil sa sermon ng ama ay tila nawala sa katinuan.**

Ito ay matapos niyang tangkaing patayin ang ama at balaking sunugin ang kanilang bahay.

Hawak ng Bacoor City Police ang suspek na si Benjie Alegre, at residente ng Libis St., Mary Homes Subd., Brgy Molino 4.

Sa report ni SPO1 Michael Legaspi, Jr., ng Bacoor City Police, dakong ala-1:45 ng hapon nang nagyayaang mag-inuman ang biktima at ama nitong si Benancio Alegre, Sr., 59, tricycle driver, sa loob ng kanilang bahay.

Sa kalagitnaan ng inuman ay sinermunan umano ng biktima ang anak dahil sa mga maling asal na ikinagalit nito kaya kumuha ng bato at ipinukpok sa ulo ng ama.

Agad namang isinugod sa Salawag Medical Center ang biktima habang ang suspek ay binugbog ng kanyang mga kapatid subalit nakatakas ito.

Gayunman, dakong alas-3:15 ng hapon ay bumalik ang suspek at tinangkang sunugin ang kanilang bahay upang makaganti sa mga kapatid na bumugbog sa kanya subalit naaresto siya ng mga pulis.

Kasong frustrated parricide at arson ang kinaharap na kaso ng suspek ipiniit sa Bacoor City Custodial Center. **GENE ADSUARA**



**RECOGNIZING CAVITE MATH WIZARDS:** On behalf of Cavite Governor Boying Remulla , Provincial Administrator for Community Affairs Engr. Redel John Dionisio led the awarding of medals and certificates of recognition to students from St. Francis of Assisi College-Dasmariñas consist of Jardine Ambrosio, Julius Lim, Jane Del Mundo and Anna Labastilla, who won in the 2018 Singapore and Asian Schools Math Olympiad (SASMO) and International Kangaroo Mathematics Competition (IKMC) held on April 7, 2018 and March 17, 2018, respectively. During the simple rite at the provincial administrator's office on July 16, 2018, Engr. Dionisio congratulated the young Caviteño achievers and expressed some words of encouragement to keep on chasing their dreams so as to serve as an inspiration to the youth in pushing progress for nation-building. —**(PICAD)**

# Beachgoer finds vintage bomb along Cavite shore

**NAIC, Cavite** – A vintage bomb was found by a beachgoer around 5 p.m. Monday while on a swimming excursion in one of the famous beach resorts in Barangay Munting Mapino here.

Supt. Janet Arinabo, town chief of police, said the local police station was informed by a certain Buboy Perido, the village chief tanod (watchman) of Barangay Munting Mapino when the beachgoer stumbled upon a metal tube along the shore.

This prompted the beachgoer to report to the resort owner, who in turn reported to authorities the presence of the rounded metal tube. It turned out to be a vintage bomb.

Police investigator PO1 Richard Atienza said they turned over the vintage bomb to the Explosives and Ordnance Device (EOD) section of the Cavite Provincial Police Office (CPPO) in Cuartel, Imus City for proper disposal.

The police said the vintage bomb was similar to an old bomb that was found last May 30, 2018 in the same beach site in Barangay Munting Mapino.

The earlier unearthed vintage bomb with sea shells attached to it measured 20 inches long and weighed around five kilos.

Local folks and beachgoers thanked authorities for their swift response to prevent any untoward incident in connection with the discovery of the bomb.


Villagers said the bombs might have drifted or strayed to the shore years ago. The town faces the historic Corregidor Island, a strategic island fortress located at the mouth of the Manila Bay, where heavy fighting during World War II took place. ***(Dennis Abrina/ PNA)***



**PROVIDING HEALTH CARE SERVICES FOR THE CAVITEÑOS:** In its effort to provide and promote quality health programs, Provincial Government of Cavite under the leadership of Gov. Boying Remulla sponsored another medical and dental mission for the less privileged Caviteños of Brgy. San Jose I in Noveleta, Cavite on June 17, 2018. More than 200 beneficiaries were given free medical consultation, dental check-up, oral prophylaxis and tooth extraction rendered by the medical and dental team of Provincial Health Office, 15th Strike Wing-Philippine Air Force and Philippine Coast Guard Auxiliary. Barangay Captain Joel Samac together with some barangay officials assisted the mission team during the outreach event. —**(PICAD)**

## IRESPETO NATIN...

ni Jojo Demetilla



# DAPAT LAGING MAGING HANDA

Ikinalulungkot natin ang mga nangyayari sa ilan nating mamayan ang nagging biktima ng bagyong Henry sa kanya pananalasa sa ibat-ibang parte ng ating bansa lalo na sa parte ng Luzon at metro manila may mga kanya kanyang kadahilanan kung bakit silay nagiging biktima ng baha. Kaya nga sinasabi natin na dapat laging handa lagi.

Dapat laging sumunod sa mga advisory ng Pag-asa at ng NDRRMC at ng ibat-ibang ahensya ng gobyerno na may patnugot upang magbigay Public advisory at making din sa mga radio station at tv sa kanilang mga advisory para malalaman kung may mga sakunang kahaharapin ang mga tao wag maging pabaya at magtanong sa kapitbahay kung ano ang kalagayan ng panahon upang maging ligtas tayo sa kapahamakan.

Ang iba nating mga kababayan parang bale wala lamang sa kanila na sa kabila ng malakas na ulan at ang ibang lugar halos binabaha na nakikita natin ang kanilang mga anak pinapabayaan pang lumangoy sa tubig baha na sa kabila nitoy may dalang mikrobyo sa nakanilang pinapaliguan na oras magkamali buhay ang nakasalalay

Halos kalalabas lang ng Bagyong Henrysa ating bansa may pumapasok na namang isa pang Bagyong Inday na ano mang oras pwedeng mananalasa at babahain na naman ang mga lugar na mababaw na hindi pa halos taps ang paghihirap n gating mga kababayan at pagistorbo sa pamumuhay ng ating mga kababayan na ultimo baha sa loob ng mga kabahayan ay halos hindi pa humuhupa panibagong paghihirap na naman ang kahaharapin.

Tandaan na natin para makaiwas sa mga tulad nitong pagbaha sa ating mga lugar disiplinahin natin ating mga sarili at wag ng maging burara basura natin iligpit ng maayos at wag ng tapon kung saan saan kasabihan nga basura mo babalik din sa inyo oras na bumaha pagkat sa kawalang ingat at kakulangan sa disiplina sa sarili.Ano naming kalagayan natin sa buhay kung may disiplina tayo lahat maayos ang buhay.

Sana wala na tayong maririnig o malalaman na may namamatay sa mga nakaraang bagyo na dumarating sa ating bansa. Itong araw na ito ay ang pagsapit ng SONA ng ating Pangulong Rodrigo Roa Duterte hindi man natin alamkung ano na naman ang kanyang bibitawan na salita sana hangad natin ang kabutihan at kapanibangan ng bawat mamamayan na maasahan hindi lamang na pansamantala kundi pangmatagalan.

Sana maging maayos ang lahat at pati na ang mga ati Duterte sa kanilang pag rarally wag sanang magkaroon ng sakititan an gating mga kapulisan at mga rallyesta. Pakinggangan natin kung ano ang mga ipapangako sa mamamayan at saka natin husgahan pagkatapos ng kanyang talumpati. Dasal nating maging matiwasay ang lahat pro at anti govt. para maging maayos ang kaganapan ng SONA ni P-Duterte.

Sa ating mga tagasubaybay sa dyariong hanep at sa radio ng dzrj 810 khz araw araw tuwing 6 ng gabi up to 7pm Monday to sfriday salamat sa lahat pwedeng tumawag at magparticipate sa aking programa tumawag lamang sa mga tel. no. bilang 8954460/ 8978374 o kayay magtext sa cp no. bilang 09154796581 lahat ng messages ay aking pong binabasa. Pwede ring makinig sa website live youtube rj am Makati facebook rj am Makati at sa facebook dzrj 810 am and streanline just type www.ustream tv/channel/ dzrj 810 am. Saalamat po.

# CONTINUOUSLY PROMOTING SUSTAINABLE PIG FARMING IN CAVITE

**THE Agricultural Training Institute (ATI) Region IV-A in coordination with the Provincial Veterinary Office and some Municipal Agriculture Offices initiated another Mass Launching of Farmers' Field School on Sustainable Pig Farming (FFS-SPF) at the Covered Court of Barangay Inocencio, Trece Martires City on July 12, 2018.**

The FFS-SPF aims to give innovative information for backyard swine raisers of the municipalities of Alfonso, Gen. Emilio Aguinaldo, Maragondon, Mendez and Naic. The training focuses on challenges, issues and updates on pig farming as well as new techniques on how to raise pigs using Organic and Natural feeds. During the assembly, Ms. Leah R. Villanueva, Market Specialist III of the Provincial Veterinary Office gave an overview on FFS-SPF and explained the scope of activities and the timeline for the training which will run for 20 weeks. Each municipality will have 25 participants for the conduct of the training which will be facilitated by their respective Municipal Agriculture Offices.

As part of the launching, a pledge of commitment was signed by Ms. Marites Piamonte Cosico, ATI Center Director Region IV-A; Mr. Florinio O. Digma, Regional Coordinating Officer, Department of Agriculture-Regional Field Office; SB Member Marietta Joyce Rom, Committee on Agriculture - Alfonso; Mr. AJ Heron, Executive Assistant to Gen. Emilio Aguinaldo Mayor Danilo M. Bencito; Mr. Manuel Riel, Human Resource Office-Maragondon; Mendez Municipal Agriculturist Ms. Vilma E. Constante; Ms. Leony Flores, Municipal Agriculture Office-Naic and the Provincial Veterinary Office led by Dra. Gloria C. Digma .

Likewise, more than 100 participants are expected to benefit from the training via Video Launching called "School on Air" which is aired every Monday on DZAS 702 Khz AM station at 11:15 to 11:50 in the morning. — **(PICAD)**

# Cavite village bans stray dogs

ROSARIO, Cavite – A village here on Monday started the strict implementation of a local ordinance that prohibits dogs from roaming around the village to prevent the spread of rabies and other diseases due to animal bites.

Sapa Dos village chairperson Joseph 'Bagyo' Pacifico warned residents and homeowners to keep their pets, especially dogs, off the streets as they will impose penalties to erring pet owners.

*"Paki tali po ang ating mga alagang aso, upang hindi makakagat ng mga dumadaan sa lugar at hindi po makapagkalat ng mga basura sa kalsada* (let us put dog leash or straps so we could avoid passers-by from being bitten and avoid the trashes strewn on streets by stray dogs)," Pacifico said.

The village ordinance gives teeth to a 2010 town ordinance which regulates ownership, custody of dogs and cats and imposes penalties to violators.

"All stray dogs will be impounded at the Barangay Pound Center in each barangay," Pacifico noted as the town's ordinance also ordered, literally not letting the dogs out of their homes.

He said the village law metes the corresponding penalties of summoning erring pet owners for the first offense; fine of PHP300 for the second offense; and a fine of PHP500 for the 3rd offense. The local ordinance also requires pet owners to register their felines, kennels and other animals with the Municipal Agriculture Office.

Pet owners are enjoined to bring their pets to the Municipal Agriculture Office for free anti-rabies vaccination and advised for the proper keeping of their pets animals in their respective backyards.

Realizing the importance of the local village ordinance, a neighboring villager said, *"Sana meron na rin po sa barangay namin ng barangay ordinance na 'yan* (I wish we also have that ordinance in our village)." ***(Dennis Abrina/ PNA)***

# Barker, natagpuang patay sa loob ng banyo ng kainan

NAGSASAGAWA ng imbestigasyon ang Bacoor City Police hinggil sa pagkamatay ng isang 58-anyos na barker na natgapuang patay sa loob ng comfort room ng isang kilalang fastfood sa naturang lungsod.

Kinilala ni PO3 Edison Fetalcurin, may hawak ng kaso, ang biktima na si Ruben Tecson, binata, at ng Barangay Talaba 5, Bacoor City, Cavite.

Ayon kay Wilmer Poblete, service crew ng Chowking restaurant, kinatok nito ang pintuan ng CR subalit matagal na hindi lumalabas ang biktima sa loob. Pagbukas ay nakita nila ang biktima na nakabulagta sa flooring at wala ng buhay dakong alas-11:00 ng gabi.

Pinaniniwalaang inatake ang biktima habang umiihi dahil nakababa ang pantaloon nito.

Ayon naman sa mga kamag-anak ng biktima, may sakit umano ito sa puso.

Inaalam pa rin kung may naganap na foul play sa pagkamatay nito.

Ang bangkay ng biktima ay inilagak sa Mesina Funeral homes para sa safekeeping at awtopsiya. **GENE ADSUARA**



HELMET

ni FREDDIE MANALAC

# HORSE OWNER GALIT SA MGA ILLEGAL BOKIS

ISANG HORSE OWNER ang malaki ang malasakit para sa ikauunlad ng Horse Industry dito sa ating bansa. Yan ay si Ginoong Edward "Boss Edong" Diokno nakilala na ngayon na maunlad sa pagiging isang horse owner.

Galit siya sa mga gambling lord na nagpapatakbo o nag-ooperate ng mga illegal bokis na karera ng kabayo.

Ayon kay Boss Edong Diokno dapat pagtulungan ng ahensiya ng pulisya ang pagsugpo sa mga gambling lord na nag-ooperate ng mga illegal na bokis ng karera ng kabayo.

Sabi pa niya na kung masusugpo o mapapatigil ang lahat ng illegal na bokis ay muli gaganda ang "Betting Sales" sa loob ng tatlong karerahan at muling sisigla ang karera ng kabayo dito sa ating bansa.

Malaki na revenue o kita ang mapupunta sa kaban ng gobyerno at maraming itong matutulungan na tao na kapuspalad o mga taong mahihirap.

Sana ay magtulungan ang mga ahensiya ng gobyerno na may kinalaman sa mga illegal na sugal upang tuluyan ng matigil ang mga ito.

**SINO SI BOSS EDONG DIOKNO?**

Siya ay tinaguriang "Hari ng Baclaran" dahil marami syang natutulungang malilit na nagosyante sa kanyang lugar.

Dahil sa kanyang kabutihan, at pagtulong sa mga lumalapit sa kanya, naging maganda ang kanyang kapalaran at biniyayaan siya ng magandang nagosyo na kanyang napaunlad.

Mahilig din si Boss Edong sa karera ng kabayo. Naging libangan niya ang pangangarera para maibsan ang kanyang pagod dahil sa trabaho sa kanyang negosyo.

Pero nang maglaon ay nagpasya siyang magmay-ari ng mga kabayong pangarera.

Isa rin siya na tumutulong sa industriya ng karera ng kabayo. Marami na siyang naisponsoran tuwing may malalaking karera.

Sa mga Sota at Helper nakatuon ang binibigay niyang tulong dahil maliit lang ang kinikitang pera ang mga ito para sa kanilang pamilya.

Nagpagawa siya ng pinakamagandang kuwadra para komportable ang mga Sota, helper, ensayador at trainer niya.

Marami na rin siyang kabayong tumatakbo ang makikita sa tatlong karerahan at ang mga ito ay nagpapanalo.

"Kung taos sa PUSO mo ang pagtulong sa kapwa, laging masaya lagi ang pakiramdam mo," Sabi ni Boss Edong Diokno

# SSS earns P1.31B from 3 months of LRP implementation, benefits 200k members

THE state-run Social Security System (SSS) earned about P1.31 billion from the first three months of implementation of the Loan Restructuring Program (LRP) with penalty condonation, benefitting about 200,000 members who will be able to enjoy full benefits and privileges once they have settled their loan under LRP.

SSS President and Chief Executive Officer Emmanuel F. Dooc said the LRP, which was offered starting April 2, already condoned more than P3.35 billion worth of penalties from 200,960 availees in April to end-June period.

"When we launched the second LRP in April, we expected to attract 250,000 availees but to our surprise, we've already reached the 200,000-mark in just three months of LRP implementation and we still have nearly three months to accept more LRP applications," Dooc said.

"LRP is serving its purpose of providing immense financial relief to our members by giving them the opportunity to clean up their loan records. So I'm encouraging all member-borrowers with past-due short-term loans to avail of the program on or before October 1," Dooc added.

The program covers all member-borrowers who have past due loans such as Salary Loan, Emergency Loan, Educational Loan (old), Study Now Pay Later Plan, Voc-Tech Loans, Y2K Loans and Investments Incentive Loan. Member-borrower must be residing or working in a calamity/disaster-stricken area declared by the National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC), or in the case of Ondoy, by the National Government.

To qualify, the loan must be past due for at least six months from the start of the second implementation of LRP. The member must be living or working in a declared calamity area as of the date of the disaster. Members granted with any final benefit claim prior to the LRP availment period and those who committed fraud against the SSS are disqualified from the program.

"This is to remind our members that they are no longer qualified to avail of the second LRP if they have previously availed of the first LRP in 2016," Dooc noted.

To apply for LRP with penalty condonation, member-borrowers should bring their duly accomplished application form, Letter of Authority (LOA) if will be filed by an authorized representative, and valid identification cards.

Dooc also reminded its members that all SSS branches are now accepting scanned copies of LOA received through email by representatives of member-borrowers applying for the LRP.


"Authorized representatives are required to submit the email request of the member-borrower, scanned copies of LOA and member-borrower's two valid IDs, photocopy of their two valid IDs and clear copy of email showing both the sender's and recipient's email address," Dooc concluded.

# SSS provides easier access thru Self Service Information Terminals

FOR faster access to their accounts, members of the Social Security System (SSS) can inquire on their contributions, loans, benefits, and ID information using the Self-Service Information Terminal (SSIT) located in SSS branches nationwide.

Members can also use the SSIT for the following services: UMID card activation, salary loan application, maternity notifications (for self-employed/ voluntary members), SSS Web registration, technical retirement application, Annual Confirmation of Pensioners (ACOP), change of contact information (for retiree-pensioners), and submission of feedback and concerns. In addition, the terminal provides access to the SSS Website and the agency's Citizen's Charter.

To access their SSS account using the SSIT, scanning of the SSS ID or UMID card and fingerprint matching are required. Members can print acknowledgement receipts of their transactions.



# PECA KAAGAPAY ANG ONE MERALCO FOUNDATION INC. HANEP SA PAGSUPORTA SA MGA KABATAAN

**PINAHAYAG kamakailan ni Philippine Executive Chess Association (PECA) founding president Atty. Cliburn Anthony A. Orbe na kaagapay ng kanilang asosasyon ang One Meralco Foundation Inc. ang pagtulong sa mga kabataang chess player.**

"In cooperation with One Meralco Foundation Inc. we (PECA) will donate P10,000 worth of chess materials to schools." sabi ni Atty. Cliburn Anthony A. Orbe na treasurer din ng National Chess Federation of the Philippines (NCFP).

Matagal ng sumusuporta ang One Meralco Foundation Inc. sa mga public schools sa pagsasagawa ng libreng chess clinics at chess tournaments na malaking tulong ang karagdagang chess materials na magagamit sa kanilang mga proyekto

Katuwang dito ang Philippine Executive Chess Association (PECA) kung saan ang mga naging chess teacher sa nakalipas ay sina Asia's First Grandmaster Eugene Torre, International Master Chito Garma, Fide Master Leonardo Carlos, Fide Master Christopher Castellano, Filipino at National Master Almario Marlon Bernardino Jr., National Master Edgardo Garma, National Master Jose Efren Bagamasbad at National Master Gerry Cabellon.

Magsasagawa ng magkasunod na torneo ang PECA sa tulong ng Alphaland Mall at One Meralco Foundation Inc. sa darating na Hulyo 28 at 29, 2018 na gaganapin sa bagong venue ang Meralco Fitness Center sa Ortigas na ang orihinal na chess venue ay sa Alphaland Mall sa Makati kung saan mapapanood ng live ang mga laro sa you tube channel at facebook ng National Chess Federation of the Philippines (NCFP).

Sa Hulyo 28, 2018 ay lalarga na ang 7th leg ng Alphaland National Executive Chess Championships kaalinsabay din ng pagdaraos ng kiddies division na susundan naman sa Hulyo 29, 2018 ng 2nd Alphaland Open Chess championships sa bagong venue na Meralco Fitness Center sa Ortigas Avenue, Pasig City.

Para sa detalye ay mag call o text kina Atty. Cliburn Anthony Orbe sa 0918-897-4410, Dr. Jenny Mayor sa 0935-100, 4755, Dr. Alfredo "Fred" Paez sa 0921-272-8172, at NM Efren Bagamasbad sa 0915-720-9145 para sa dagdag detalye.**(Marlon Bernardino)**

# NBA STAR HANEP BABALIK NG BANSA

MADUDUGTUNGAN muli ang kagalakan at kasiyahan ng mga fanatics sa basketbolistang Hanep sa tanyag na si NBA star Stephen Curry kung saan ay napaulat na ang kanyang pagbabalik sa bansa dalawang buwan mula ngayon.

Ito ay makaraang mapag alaman sa sports brand na silang nangangasiwa sa pag babalik ng naturang Idol ng basketball kung saan bahagi ng kanilang pagiging tour sa nabanggit na sikat na manlalaro

Kabilang sa tour ay ang Manila, Tokyo, Japan at Wuhan, China na siyang mga naka tala sa mga bibisitahin ni Curry.

Matatandaan na kamakailan lamang ay bumisita din ang kapwa NBA Star player na si Kevin Durant ng Golden Stare Warriors sa bansa na talaga naman dinumog ng mga umiidolo sa naturang player.



**LAKAS NG LOOB HANEP NGA -** IBINAHAGI ni Justine Cordero VP Proactive ang kanyang naranasan sa kakaibang obstacle race ng bumisita sila sa linggu-hang PSA Forum sa Tapa King Cubao Quezon City, kung saan ay dinitalye na rin ang nakatakda nilang event ang First Tough Mudder Philippines na magaganap ngayong Hulyo 21 at 22 sa Portofino Amore Alabang, kasama sa larawan sa magkabilang dulo sila Noel Agra Tough Mudder Ambassador at Jay EM President Proactive. **(RGN)**



SI Pro Life UK SVP & Chief Officer Allan Tumbaga sa kanyang mga pahayag na Hanep sa buong pag suporta ng Pro Life sa apat na atletang siklista na sila Jermyn Prado, Ismael Gorospe, Jeremy Marana at Aldan Mendoza, na sasabak sa magaganap na Prudential RideLondon Unite Kingdom sa July 28-29 kung saan ay inilahad din nito ang pag takda para sa send off ceremony para sa national cycling champion na magaganap sa The Brewery, Bonifacio Global City, Taguig. **(RGN)**



**HANEP SA PAG ALALAY -** Layunin ang makapag bigay tulong sa mga dating kapwa basketbolista ang hangarin ng "1st PBA Legends Charity Golf Tournament na handog ng "Samahang ng mga Dating Propesyonal na Basketbolista sa Pilipinas Foundation Inc." sa pangunguna nila Atoy Co Chairman, Allan Caidic Board Member at Ed Cordero bilang Secretary. Kanilang kahandaan para upang ipang alalay ng serbisyo medical assistant sa kapwa kasamahan sa PBA players magaganap ang torneo sa Hulyo 26th sa Wack Wack Golf and Country Club. Kaugnay ng pagbisita nila sa PSA Forum Tapa King, Cubao Quezon City. **(RGN)**



**KAYA MO BA TO!!! –** Hanep talaga hindi alintana ni San Miguel Beer giant June Mar Fajardo ang malamyang depensa ng katunggaling si Nonoy Baclao ng Alaska sa kanilang paghaharap sa semi-finals ng 2018 PBA Commissioners Cup sa Smart Araneta **(RGN)**




# 2018 Asian Para Games, Hanep napili ang Baguio Para-athlete

PATULOY sa masusing pag iinsayao ang Baguio Para-athlete na si Givanni Ola sa kanyang laro nitong Archery para sa kanyang paglahok sa nalalapit na 2018 Asian Para Games mula Otubre 6 – 13 sa Jakarta, Indonesia.

Kung saan ay ilan lamang si Ola sa mga lalahok sa naturang kumpetisyon na may katagalan namang nagsasanay sa Archery range ng Baguio Athletic Bowl kung kayat masasabing handa na siya sa kanyang lalahukang kumpetisyon.

Kumpiyansa naman ang Hanep na pambato ng Baguio na makakamit ang tagumpay na medalia para sa bayan.

Magpapadala din ang bansa bilang kinatawan sa iba pang sports tulad ng Wheelchair, Fencing, Baskeball, Tennis, Bowling, Chess, Goalball, Judo, Lawn Bowls, Athletics, Badminton, Power Lifting, Shooting, Swimming, Table Tennis at Volleyball.

## BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com



# "REFUSED TO RIDE"

Naging usapan sa mga OTB's ang biglaang pagka-scratched ng outstanding favorite ng kabayong si Amazing Day na gagabayan sana ni Jeffril T. Zarate. Sa biglaang pagkawala sa line-up dahil sa pagkaanunsiyo na hindi na kasali sa laban ang nabanggit na mananakbo ay biglaang magkagulo ang mga karerista dahil nabulabog at kumalat na bentahan nung mga natirang tumakbo sa karerang iyan, pero ang higit na nagising ay iyong mga nagsolo kay Amazing Day sa kanilang paratingan lalo na sa larong WTA event na kung saan ay nagkaroon pa ng carry over kaya lumaki ang benta sa nasabing laro. Kaya ang mga karerista ay nag kanya- kanya ng sigawan at komento sa mga OTB's na ayon sa mga eksperto o batikan na sa karera ay tila nayari na naman silang mga karerista at naramdaman nila na may naganap na kalokohan nung gabing iyon. Hanggang sa matapos ang ika-apat na takbuhan ay lalong dumami ang komento at halos napikon ang mga karerista dahil dehado ang nagwagi sa laban, ikanga ay nalaglag ang mga nagkaroon ng paratingan sa kalahok numero nuwebe na si Amazing Day lalo na iyong mga nagsolo. Kinabukasan ay may isang beteranong karerista ang nagkuwento sa OTB na aking pinasyalan at naibahagi niya ang nasabi sa kanya nung ilang horse owners na kakilala niya. Gaano kaya katotoo ang kuwento na sadyang pina-scratched iyon ni Zarate upang hindi masilat sa pananaya iyong mga nasabihan niya, dahil ayon sa istorya ay binilinan siya ng trainer na huwag ipanalo si Amazing Day. Kaya pagdating sa likod ng aparato ay dun na lamang pina-scratched ni Zarate si kabayo. Ang laking bigla ng mga karerista nung inanunsiyo na sa panel ang kadahilanan kung bakit hindi nasali si Amazing Day. "Refused to Ride" ang ibinigay na dahilan ng announcer. Niwala man lamang na sapat na dahilan kung ano ang nangyari sa kabayo kung bakit biglaang ganoon? Kaya hiling ng mga beteranong karerista natin na dapat ay magkaroon ng sapat na imbestigasyon ang karerang iyan sa pagkaka- scratched ni Amazing Day na ang tanging dahilan lamang ay "Refused to Ride". Binabati ko ang mga beteranong karerista sa Samahan OTB.


₱7,900.00*
Disability Benefit ko buwan-buwan.
*Ang nabanggit na halaga ng benepisyo ay batay sa pinakamataas na Monthly Salary Credit (MSC) at iba pang qualifying conditions upang benepisyo ng miyembro ay mas tumaas.
Kontribusyon, SULIT na SULIT!
SULIT - BENEPISYO:
Sickness, Maternity, Disability, Retirement, Death, Funeral
sss.gov.ph
SSSPh
Sa SSS, Proteksyon Sigurado!
SOCIAL SECURITY SYSTEM

# ANNE CURTIS, KABIBILIBAN

**TO the highest level, I'm very much sure na hindi lang kagigiliwan bagkus ay kabibiliban pa natin si Anne Curtis.**

Para ito sa kanyang nalalapit na pelikulang 'Buy Bust' na isang suspense/ action movie.

May kinalaman sa droga ang pelikula, pagkilos ng isang drug syndicate.

How can imagine us, sindikato ng droga na alam naman natin kung ano ang galaw o kilos nito.

Knowing drugs pa, hindi ba naririnig natin na sila iyong tipong halang ang bituka.

Walang kaluluwa na tanging ang kasagutan o moves nila ay ang kamatayan.

In real life nga kapag nagkakaroon ng tinatawag na 'onsehan' sa droga ay tiyak na kamatayan ang kahahantungan.

Naalala ko tuloy ang mga news na nababasa o napapanood ko about drugs, kadalasan sa ulo binabaril ang mga nangoonse.

Lalo ang 'Buy Bust' na isang napakalaking sindikato ang susuungin ni Anne.

Kaya naman hitik na hitik talaga sa aksiyon ang movie na ito at doon natin kabibiliban itong si Anne.

No way sa aktres kahit magkalamug-lamog ang kanyang buong katawan para lamang sa ikagaganda ng pelikula.

Sa pamamahala ni Direk Erci Matti ang movie kaya ano pa ang inaasahan natin.

Naturalmente na tiyak na tiyak ang kaayusan at kagandahan ng movie under this prestigious director.

Mapapanood na sa darating na Agosto ang movie na ipinagkaloob sa atin ng Viva Films at Reality Entertainment.

Ang 40 years old na si Brandon Vera ang makakatambal ni Anne rito.

Si Brandon ay isang Filipino-American mixed martial artist at kasalukuyang ONE Championship.

Nagsimula siya sa kanyang propesyon na ito noong 2002 at dating sumasabak sa UFC at WEC.

International movie ang 'Buy Bust' at sa America ay mapapanood ito this coming August 10 sa pamamagitan ng distributor na Well Go USA.

Hep, hindi lamang sa US dahil maging sa Middle East at iba pang bansa ay mapapanood din.

Aabangan natin sa pelikula kung magtatagumpay ba ang puwersa nila.

Papasok sila sa isang drug den para mapag-aralan ang galaw ng malaking sindikato.

Iyon nga lamang ay matinding panganib ang nakaambang sa grupo bunga ng nangyaring trayduran.

Ganyan naman talaga sa larangan o buhay-drugs syndicate, nagaganap ang katrayduran at hindi alam kung sino ba ang kalaban o kakampi.

Masasaksihan din ang husay sa acting sa pelikulang ito ni Arjo Atayde.

Kung ano ang papel na gagampanan ni Arjo sa movie, panoorin na lamang po ninyo.

Basta very thankful si Arjo na makasama ang naturang award winning director.

HANEP SHOWBIZ





## Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

### (ika- 74 labas)

SA umpisa kasi ng pakikipagrelasyon ni Kardo kay Lyka ay sadyang nahihirapan siya.

Kaya nga sumagi sa isipan niya na isa sa mga kaibigan ang kanyang dapat kukutsabahin.

Pero kaagad-agad na tumutol si Lyka nang sabihin ni kapitan ang kanyang plano.

Sa loob-loob ni kapitan ay talagang tama naman si Lyka na walang dapat makaalam sa kanilang relasyon.

"Kardo…Kardo.."

Nasa kalagitnaan ng pagmumuni-muni si Kardo nang marinig ang boses ni Inday.

Hindi pa man tumatawag si Inday ay alam na ni kapitan na papaakyat na ang kanyang misis.

"Gising na Kardo at magtatanghali na para makapananghalian ka muna bago umalis."

Husay naman umarte ni Kardo na pupungas-pungas pa kunwari at animo'y tinatamad pang bumangon.

Sa kabila na hindi naman siya natulog pa at idinaan lang sa pag-iisip habang nakahiga.

"Sige at mag-inat-inat ka na muna 'ryan tapos bumaba ka na at ihahanda ko na ang lunch."

Kung tutuusin ay napakasuwerte naman ni Kardo kay Inday dahil ang kanyang misis ay lubhang maasikaso at maalalahanin.

Pero hindi rin alam ni Kardo kung paano at bakit nga rin ba siya nahumaling kay Lyka.

Sa ikalawang termino ni Kardo sa paglilingkod sa barangay ay sige pa rin sila ni Lyka sa bawal na relasyon.

Ang oras ni kapitan ay patuloy pa rin na ipinahihiram ni Kardo kay Lyka.

"Ano'ng sinabi mo? Totoo ba 'yan ha? 'Di ka ba nagbibiro ha d'yan sa sinasabi mo?"

Napakatulin ng pagtakbo ng mga araw at ilang buwan na lamang ay muli na namang matatapos ang ikalawang terminong paglilingkod sa barangay ni Kardo.

"Paano? Bakit nangyari 'yun ha? 'Di pupuwede 'yan, alam mo naman 'yan 'di ba?"

"May usapan na tayo noon pa 'di ba? Napagusapan na natin 'yan pero bakit nagkaganun?"

**(Itutuloy)**

## MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

### (ika-73 labas)

MALALAKI at mga kilalang law firm ang nagnanais makakuha ng serbisyo ni Dagul.

Mayroon ding mga big time indviduals na kumukuha kay Dagul bilang kanilang personal attorney.

Subalit mas pinili ni Dagul na magsilbi sa public attorney's office.

Nais ni Dagul na maging manananggol ng mga mahihirap na naghahanap ng hustisya subalit walang kakayahang makapagbayad ng de-kalibreng abogado.

"Bilib ako sa iyo panyero, napakahusay mo. Labis mo akong pinahanga."

Hindi sinasadya ay muling nagkrus ang landas nina Dagul at ng kanyang dating propesor na katunggali niya sa kaso ng namayapang ama.

Sa isang kumperensiya sila nagkatagpong muli at bakas naman sa dating propesor ang pagiging isang propesyunal.

"Kagaya ng sabi ko sa iyo dati, magkalaban lamang tayo 'nung mga panahong 'yun bilang abogado ng bawat kliyente natin."

Pilit sumisiksik sa isipan ni Dagul ang sinabi sa kanya na hindi dapat pepersonalin ang laban sa paghaharap sa paglilitis.

"Iwasan mong magtanim ng galit o sama ng loob sa sino mang abogado na makakaharap at makakalaban mo."

Iwinaglit muna ni Dagul ang mga dating paalala sa kanya sa halip ay tumutok sa paksa ng conference.

Ang isa sa mga nais pagtuunan ng pansin ni Dagul ay ang tungkol kay Aling Tita.

Lubhang napakalaking palaisipan ang pangyayari noon sa itinuturing niyang ina-inahan o tiyahin.

"Hindi ko pa alam pero gagawin ko ang lahat ng aking makakaya para kay auntie."

Kaharap ang mga kapatid na sina Jerome at Bert na muli na naman nilang napag-usapan si Aling Tita.

"Tama! Oo tama nga at posibleng puwedeng maging isa sa mga susi 'yun."

Napag-usapan ng magkakapatid ang tunay na pamangkin ni Aling Tita.

"Caloy nga, oo Caloy ang pangalan ng pamangkin ni auntie."

Si Caloy ang nakasama ni Aling Tita bilang katuwang sa karinderya nito.

"Nabanggit ba dati ni auntie ang dahilan o bakit babalik na si Caloy sa probinsiya?" **(Sundan)**

# PRESSCON FOR CAVITE MEDIA FOR 'CALL FOR PROPOSALS' ON ARTS AND CULTURE HELD

**Trece Martires, Cavite (PIA) – The National Commission for Culture and Arts (NCCA) in partnership with the Philippine Information Agency – Region IV-A held a press conference last Monday, July 9 with the local media in the province to launch the 2019 Call for Proposals for Arts and Culture Projects.**

The event held at the Cavite Republic Restaurant here in the city, more than a dozen members of the province's local media practitioners attended the launch and participated in the discussion.

The said project aims to fulfill NCCA's mandate of preserving, developing and promoting of Philippine arts and culture, encouraging artistic creation and empowering artists and cultural workers by giving grants to arts and cultural projects.

The proposed projects are categorized per Sub commission – Arts; Heritage; Cultural Dissemination; and Cultural Communities and Traditional Arts which will be given funding through competitive grants.

The NCCA Competitive Grants Program is open for applications to various arts and culture projects spearheaded by Civil Society Organizations (CSOs), People's Organizations (POs), Indigenous Peoples Organizations (IPOs), Individuals, Local Government Units (LGUs), Government Agencies (GAs), State Universities/Colleges and Public Schools.

Speakers for the conference were NCCA Arts section head, Mr. Ferdinand Isleta; NCCA Project Development Officer, Mr. Noel Sierra and NCCA Grants Processing Officer, Mr. Ramon De Leon who gladly answered queries and relevant questions asked by the media.

Ms. Francia Orlain, Publisher of the Cavite Times Journal (CTJ) inquired about the possibility of extending assistance to building and restoration of public libraries in the province while Ms. Tess Leonilla, a columnist of CTJ brought up the growing trend of Korean pop culture especially with teenagers and young adults alike.

Mr. Ferdie Isleta added that aside from projects under abovementioned categories, the grant could also be extended for applications for the Commission's Institutional Programs such as Outreach Program, Resource Persons and Experts Bureau Program, and the Technical Assistance Program.

Letters of Intent and proposals may be submitted via email to arts@ncca.gov.ph, heritage@ncca.gov.ph, dissemination@ncca.gov.ph and traditional arts@ncca.gov.ph or may call the NCCA Grants Program through P.PFPD with direct line 522-2084, trunkline number 527-2192 and email address pmd@ncca.gov.ph, grants@ncca.gov.ph or info@ncca.gov.ph with deadline for submission on July 31, 2018. ***(Ruel Francisco, PIA-Cavite)***

# Cavite accommodates relocation of Binondo Informal Settlers

**Trece Martires, Cavite (PIA) –** The city government of Trece Martires in coordination with the National Housing Authority (NHA) accommodated the relocation of informal settlers dwelling along Estero de Magdalena in Binondo, Manila.

Pasig River Rehabilitation Commission (PRRC) Director Jose Antonio Goitia shared that a total of 100 families were relocated to Summer Homes here in the city which was part of the plan for the implementation of the R17-million rehabilitation project to clear the garbage-filled waterway.

The said informal settler families were the primary cause of the accumulation of garbage in the kilometer-long waterway that extends to the Pasig River.

PRRC Public Information head George dela Rama revealed that the NHA has allotted 800 housing units in Trece Martirez which may extend to 1,500 units if needed.

Said houses have a lot area of 40sqm with a floor area of around 20sqm and the beneficiary families are free to improve their units as they wish, Goitia said. ***(Ruel Francisco, PIA-Cavite/with reports from Hans Manacio)***

# Unconditional Cash Transfer Program launched in Cavite

**Silang, Cavite (PIA)** – The municipal government of Silang recently hosted the distribution of the Department of Social Welfare and Development's (DSWD) Unconditional Cash Transfer Program (UCT) or Tax Reform Cash Transfer (TRCT) held here at Patio Medina.

The said program grants P200 monthly aid or P2,400.00 per year to indigent senior citizens that aims to mitigate the adverse effect of Tax Reform for Acceleration and Inclusion Law (TRAIN Law) with the increase of prices of basic commodities in the market.

This cash grant shall increase to P300 monthly or P3,600.00 per year for the years 2019, until 2020 to complete the three-year implementation.

More than a thousand indigent senior citizens of the municipality attended the launch and benefited from the said program.

Special guests in the event were DSWD Secretary, Ms. Virginia N. Orogo, Department of Finance (DOF) Assistant Secretary Mr. Tony Lambino, DSWD Region IV-A Director Ms. Annie Mendoza, local officials of Silang municipal government and Land Bank of the Philippines (LBP). ***(Ruel Francisco, PIA-Cavite/with reports from Gladys Pino)***



**SERVICE VEHICLES FOR SENIOR CITIZENS:** Awarding the keys of twenty-three (23) brand new multi-cabs to municipal and city senior citizens association in Cavite on behalf of Governor Boying Remulla were Provincial Administrator for Community Affairs Engr. Redel John Dionisio and Provincial General Services Officer Ferdinand Belamide during a simple turnover rite on July 16, 2018. Office of the Senior Citizens Affairs-Cavite President Ciriaco Angeles from the municipality of Maragondon, together with co-beneficiaries expressed their heartfelt gratitude to such donation of transport vehicles which signifies the intensity of the support given by the governor who constantly gives priorities to their needs. —**(PICAD)**

# Nanay, nagbigti dahil sa depresiyon

HINIHINALANG dahil sa depresyon kaya pinili ng isang 33-anyos na ina na tapusin ang kanyang buhay sa pamagitan ng pagbibigti sa General Trias City, Cavite.

Isinugod pa sa Gen. Tri Medical Centre ang biktimang si Arlene Rosit, ng Green Breeze Subd. Brgy. Biclatan subalit idineklarang dead on arrival.

Ayon kay PO3 Armine Matro ng Gen. Trias City Police Station, dakong alas-2:30 ng hapon nang maisipan ng biktima at asawa nito na magpahinga sa loob ng kanilang bahay.

Gayunman, nagising siya sa tawag ng kanyang anak na nawawala ang kanilang nanay kaya hinanap nila subalit napansin na nakasarado

at naka-padlock ang isa sa kuwarto kaya puwersahang binuksan at tumabad ang biktima na nakatali ang leeg sa kisame ng bahay.

Ayon sa kamag-anak ng biktima, dumaranas umano sa depresyon at may nakaraan na sakit sa pag-iisip kaya ito ang nakikita nilang dahilan ng pagpapakamatay.

Inaalam din kung may naganap na foul play sa pagkamatay ng biktima na inilagak sa Herald Funeral Homes. **GENE ADSUARA**


CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St. corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/ 0918-6174067**

# PIA-SSS PARTNERSHIP LAUNCHED IN CALABARZON

**CALAMBA CITY, LAGUNA (PIA) – The Philippine Information Agency (PIA) Calabarzon conducted its 1st Social Security System (SSS) Convergence Meeting at Hotel Marciano here on June 29.**

The meeting, which discussed the accomplishments, issues, and the communication campaign dessimination plan promoting the SSS Sulit campaign was attended by different SSS branch heads and representatives in the region.

PIA Calabarzon Regional Director Ma. Cristina C. Arzadon who spearheaded the meeting, cited the partnership between the SSS and the PIA and explained the agency's involvement in promoting the SSS benefits through the different campaign dessimination plans which will be implemented by PIA regional offices nationwide.

Meanwhile, Carlo P. Gonzaga, PIA Calabarzon assistant regional director presented several proposals from the PIA provincial managers as well as the various activities of the regional office using one of the important media platforms such as the radio.

He also said that PIA may arrange a radio guesting in selected stations with the SSS branch heads or focal persons where they will serve as resource speakers to comprehensively discuss the SSS benefits to the public in addition to the radio program.

Aside from radio, PIA will also use other medium like the print, the television, and the social media to ensure the success of the campaign.

Expressing confidence and optimism with PIA's spearheading the campaign, the SSS branch heads and representatives who attended the meeting said they were looking forward to get actively involved in the promotion of SSS Sulit campaign in the region with PIA Calabarzon taking the lead. **(Patricia Lois Cabrera, PIA4A)**

# USAP LANG

**JUNE BILLONES**
**0929-8127638**

## Kanya-kanyang gimik

TUMUGON na ang mga supporters ni Special Assistant to the President (SAP) Christopher 'Bong' Go sa kanyang panawagan.

Unang hiniling ni Go sa mga supporters na alisin o baklasin ang kanyang mga tarpaulin.

Nababatikos at naakusahan kasi siya ng napakaagang pangangampanya.

Ang mga kritiko ay hindi naniniwala na trabaho lamang ang kanyang pakay at wala sa ambisyon niya ang maging isang senador.

Sinasabi pa na tulad ni Tatay Digong na sa umpisa ay panay ang pagtanggi subalit tumakbo rin kaya inihahalintulad ito at maaaring ganoon din ang mangyari kay Go.

Kayo na po ang humusga rito, kung paniniwalaan ba ninyo ang pahayag ni Go na wala siyang ambisyong maging senador.

Hindi raw niya kilala ang mga naglagay ng mga tarpaulin subalit sa huli ay natuklasang mga supporters daw ni Pangulong Rodrigo Duterte noon pang 2016 ang mga ito.

Kaya naman labis ang pasasalamat niya sa patuloy na pagbuhos ng suporta sa kanya at sa pangulo.

Kanya-kanyang gimik lang 'yan,hahaha…

# DOE Audits Over 400 Batangas Oil Players for Safety and Standards Compliance

**BATANGAS** – To ensure that local petroleum products adhere to the safety, quality and quantity standards, the Department of Energy (DOE) has inspected a total of 442 oil players across 30 towns in the province.

Spearheaded by the DOE's Oil Industry Management Bureau (OIMB) – Retail Market Monitoring and Special Concerns Division in cooperation with partner offices and national agencies, the "Focused Inspection" (FI) ran from 9 to 13 July.

The FI is a mechanism for the DOE to guarantee that petroleum products, such as liquid fuels and liquefied petroleum gas (LPG) being sold in the market are in accordance with international and national standards on quality and quantity.

It takes an integrated approach to monitor Liquid Fuel Retail Outlets /Gasoline Stations and LPG establishments, with an intensive information dissemination component.

Inspection findings showed that 198 gas stations have violated the "Retail Rules," while 156 LPG establishments have breached "LPG Industry Rules."

Operating without a Certificate of Compliance is a common gas station violation.

For LPG retailers on the other hand, offenses include operating without a Standards Compliance Certificate, selling cylinders that are non-compliant with Philippine National Standards, as well as a few cases of under filling.

"The DOE stringently monitors businesses to ensure that our people are not short-changed on the petroleum products they purchase. This is very important because people pay with their hard earned money," Energy Secretary Alfonso G. Cusi emphasized.

Secretary Cusi also pointed out, "We empower consumers by upholding right quantity and quality petroleum products, while strengthening our collaboration with industry stakeholders for proper guidance on running an energy business."

Under the E-Power Mo Movement, the DOE-OIMB also conducted an information, education and communication (IEC) campaign on Thursday (12 July) with 150 stakeholders and consumers.

Discussions focused on the results of the monitoring/inspection activities, the overview of the Downstream Oil Industry and the regulatory frameworks of its sub-sectors, the Fire Code of the Philippines, and other related local government units' (LGU) ordinances pertinent to the oil industry business.

The back-to-back FI and IEC is a joint initiative with the DOE's Legal Services – Hearing Division; Energy Research and Testing Laboratory Services – Geo-scientific Research and Testing Laboratory; DOE Field Offices. Other partner offices include the City/Municipality's Business Permits and Licensing Office and Treasurer's Office; the Department of Trade and Industry - Bureau of Philippine Standards; the Department of Interior and Local Government - Bureau of Fire Protection; and the Philippine National Police.

Six teams were organized, with each unit executing its mandate relative to the operations of oil industry players on liquid fuels and LPG sub-sectors.

The DOE assures the public that it closely monitors the quality and quantity of petroleum products nationwide.



NAKUMPISKA ng kapulisan ng MPD Station 3 sa pamumuno ni Supt. Julius Cesar Domingo ang mahigit sa 160 gramo ng shabu na nakalagay sa plastic bag ng yelo na tinatayang nasa P1.5M halaga makaraang madiskubre ng otoriad sa kwarto ng isang motel na tinutuluyan ng magkasintahan na tulak ng droga sa Sta. Cruz, Maynila sa isinagawang follow-up operation ng Alvarez PCP sa pangunguna ni C/Insp. Roy Calulot laban sa lalaking suspek na namaril sa labas ng motel. **(BRIAN GEM BILASANO)**



HULI KA! Makikita sa larawan ang mga sasakyan na ILLEGAL naka PARK sa kahabaan ng kalye Palanca, Sta. Cruz, Maynila. Isang lalaki diumano'y tauhan ng barangay na nakakasakop sa nasabing lugar ang nag-iisue ng tiket na para daw sa barangay. Ito ay dahilan sa lugar kaya nagkakaroon ng trapik o mabagal na takbo ng mga sasakyan dumaraan dito. Bakit hindi hinuhuli ng Manila Traffic Bureau ang mga ILLEGAL NA PARKING dito. **(Freddie M. Manalac)**



ARESTADO ng mga tauhan ni MPD Station 3 commander Supt. Julius Cesar Domingo ang suspek na Zaldy Claro, 57, walang trabaho, at ng Bilibid Viejo, Sta. Cruz, Maynila makaraang mabisto ni MTPB Anti Iskalawag Unit Mark Urieta na nanakot habang naniningil ng parking fee kahit walang kaukulang resibo na aprubado ng pamahalaang lungsod ng Maynila. **(BRIAN GEM BILASANO)**



Kasama ni Secretary General Annie Dizon, ng Kilusang Pagbabago National Movement for Change, ang 19-anyos na OFW sa Saudi Arabia na humarap sa Pulong-Balitaan upang hilingin sa Malacanang ang pagsibak kay DOLE Secretary Bebot Bello. Ito ay dahil sa umano'y pagsasawalang bahala ng kagawaran na mapauwi ang naiwang 9 months old na sangol ng naturang OFW at pagkikibit-balikat umano ng kalihim. **(Christian Heramis)**

# E-POWER MO

E-SAFETY E-SECURE E-DISKARTE

## We have the Energy Ability.

**Tamang pag-iingat,
pag-aalaga, at diskarte.**

May abilidad tayong mapanatiling sapat
para sa ating mga pangangailangan ang
**Enerhiya ng Ating Bayan.**



#EPowerMo
doe.gov.ph

**Department of Energy**